

Kadalasang mga Katanungan tungkol sa Konsiderasyon sa Rekord ng Suweldong Ordinansa

1. Ano ang nagagawa ng Konsiderasyon sa Rekord ng Suweldong Ordinansa?

Ang Konsiderasyon ng Suweldong Ordinansa ay nagbabawal sa mga employer na magtanong sa mga aplikanteng naghahanap ng trabaho tungkol sa kanilang nakalipas o kasalukang mga suweldo at pinagbabawalan ang mga employer na sabihin ang kasalukuyan o ang dating rekord ng mga suweldo sa isang employer o potensiyal na employer na walang pahintulot ng empleyado.

2. Ano ang magyayari kung kusang sabihin ng empleyado ang tungkol sa mga rekord ng mga suweldo niya?

Ang batas ay hindi pwedeng pagbawalan ang aplikanteng naghahanap ng trabaho kung kusa nitong sasabihin or hindi nila sabihin ang tungkol sa mga rekord ng kanilang suweldo. Kung sabihin ng aplikante ang tungkol sa mga rekord ng suweldo niya, maaaring paniwalaan o tanggapin na lang ng employer kung anuman ang sabihin ang aplikante at gamitin ang impormasyong ito sa pagtanggap at padedesisyon kung magkanong suweldo ang ibibigay sa kanya. Hindi puwedeng gamitin ng employer ang mga rekord ng suweldo ng aplikante para patunayan na ang ibang lahi, kasarian o etnisidad ay may binabayaran ng mas mababang suweldo.

Maaaring tanungin ng employer kung magkano ang inaasahang suweldo ng aplikante.

3. Maaari bang gamitin laban sa mga aplikanteng naghahanap ng trabaho ang hindi nila pagsabi ng impormasyon tungkol sa mga rekord ng kanilang suweldo?

Hindi, ang mga employer ay hindi maaaring gamitin ito laban sa aplikante kung ayaw or hindi sabihin ang tungkol sa rekord ng kanilang suweldo.

4. Ang mga Employer ba ay mayroon bang anumang mga kinakailangan paunawa?

Kailangan ipastel ng mga Employer ang paunawa tungkol sa Konsiderasyon sa Rekord ng Suweldong Ordinansa sa madaling makitang lugar at ipadala ang kopya ng paunawa sa bawat labor union. Ang paunawa ay dapat nakasulat sa English, Spanish, Chinese and iba pang mga lengguwahe na ginagamit ng hindi bababa sa 5% ng mga empleyado sa lokasyon ng trabaho.

Para makakuha ng kopya ng paunawa tungkol sa Konsiderasyon sa Rekord ng Suweldong Ordinansa, bisitahin ang: www.sfgov.org/olse/consideration-salary-history

5. Sa palagay ko ay tinanong ng employer ang tungkol sa mga rekord ng suweldo ko para gamitin nila itong dahilan para hindi ako tanggapin sa trabaho o alokin ako ng mas mababang suweldo.

Kung sa palagay mo na ang iyong karapatan ay naabuso, kontakin ang Office of Labor Standards and Enforcement (OLSE) sa 415 554-6469 o salaryhistory@sfgov.org.

6. Puwede bang tanungin ng bagong kumpanya na papalit sa dating kumpanya ang tungkol sa suweldo ng mga papasok pa lang na mga empleyado at gamitin ang impormasyong ito para iakma ang suweldo ng empleyado?

Oo, ang kumpanya na magsasama or kukuha ng dating kumpanya ay maaaring magtanong ng mga suweldo ng mga papasok na empleyado at gamitin ito para iakma sa suweldo ng empleyado.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin: www.sfgov.org/olse/consideration-salary-history o tawagan ang (415) 554-6469.